

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ligtas na ipagdiwang ang Halloween sa Brampton sa taon na ito!

BRAMPTON, ON (Oktubre 20, 2020) – Sa taon na ito, ang Halloween ay naiibang tingnan sa Brampton dahil sa COVID-19. Habang ang mga residente ay naglalagay ng mga dekorasyon at nagplano sa kanilang spook-tacular Halloween sa bahay, ang Lungsod ng Brampton ay nag-aalok ng mga paraan para sa mga residente na ligtas na i-enjoy ang kanilang mga pagdiriwang sa taon na ito.

Trick o Treating sa Brampton

Kasunod ng direksyon ng Lalawigan at ng Peel Public Health, ang nakaugaliang door-to-door na trick o treating ay hindi inirerekumenda sa mga rehiyon na modified Stage 2 public health, kabilang ang Rehiyon ng Peel at Brampton, at dapat pag-isipan ng mga tao ang alternatibong mga paraan para magdiwang. Pwedeng kabilang dito ang:

- Hikayatin ang mga bata na mag-dress up at sumali sa birtwal na mga aktibidad at mga party
- Paglilok ng mga pumpkin sa bahay
- Panood ng pelikula sa gabi o pagbabahagi ng nakakatakot na mga kwento
- Pagpapalamuti sa harap na lawn

Para makatulong na panatiliing ligtas ang ating komunidad, ang Lungsod ay may malawak na hanay ng katuwaan, libreng Halloween events para mag-enjoy online ang mga pamilya sa taon na ito!

Contest ng Pagpapalamuti sa Pumpkin

Ipakita ang nakakatakot na ispiritu at ipamalas ang iyong skills sa pagpapalamuti ng pumpkin. Isumite ang litrato ng iyong pinalamutiang pumpkin sa pagitan ng Oktubre 16 at 29 para manalo ng isa sa 50 pares ng passes sa Brampton Recreation para dumalo sa isang programa ng paglangoy, pag-skate o fitness! Kumpletong mga detalye sa www.brampton.ca/recreation.

Libreng Monster Mash Activity Kits

Maging mapanlikha sa aktibidad sa Halloween sa bahay! Gawin ang iyong sariling halimaw gamit ang ready-made na supply kit at sundin ang step-by-step na online tutorial. Pwedeng ma-pick up ang libreng activity kits umpisa sa Oktubre 19. Kumpletong mga detalye sa www.brampton.ca/recreation.

Contest sa Pinaka-maabilidad na Costume

Sa Halloween, maging maabilidad at gumawa ng pinaka-cool na Halloween costume ng Lungsod! Magbibigay ang Lungsod ng mga award para sa nangungunang tatlong costume para sa mga bata 10 taong gulang at mababa, na may special scroll at regalo para sa lahat na sumasali. Kabilang sa ating panel of judges sina Mayor Patrick Brown, Konsehal ng Lungsod na si Doug Whillans, Rehiyonal na Konsehal na si Rowena Santos, Peel Regional Police Superintendent Nav Chhinzer, Peel District School Board Trustee Kathy McDonald, at Acting Commissioner of Community Services ng Lungsod na si Derek Boyce.

Sumali sa pamamagitan ng pagbabahagi ng larawan ng iyong costume sa social media sa pagitan ng Oktubre 31 at Nobyembre,6 at ginagamit ang #BramptonCraftiestCostume2020 para sa isang tsansa na mananalo ng ilang magandang premyo mula sa lokal na treat vendor ng Brampton!

Direktang kokontakin ang mga panalo at iaanunsyo sa mga channel ng social media ng Lungsod.

Great Pumpkin Party at Social Media Contest

Sa taon na ito, ang Great Pumpkin Party ay magiging birtwal. Panoorin ang propesyonal na mga artist na naglililok ng pumpkin na sina Rick Jacobson at Roy Chisholm na lumikha ng sculptured at 3D Jack-o'-Lanterns! Alamin ang mga tip at trip at tiyakin na ipasok ang iyong likha sa Contest ng Pagpapalamuti sa Pumpkin.

Kasunod ng Halloween, isuot ang iyong costume sa huling pagkakataon at kunan ng larawan na kino-compost ang iyong pumpkins. Alamin kung paano i-compost ang iyong pumpkins [dito](#). Ibahagi ang iyong litrato sa social media sa pagitan ng Nobyembre 1 at 6 at gamitin ang #BramptonHalloween2020 para sa pagkakataon na Manalo ng ilang magandang papremyo!

Sa nakalipas na mga taon, hiniling ng Lungsod sa mga residente na hindi magdala ng nabubulok na item ng pagkain sa Great Pumpkin Party. Sa taon na ito, higit na magpakailanman, ang mga lokal na food bank ay nangangailangan ng suporta. Mangyaring isaalang-alang ang pag-donate ng anumang halaga na makakaya sa mga lokal na food bank.

Mga Quote

“Kaugnay ng desisyon ng Lalawigan na hindi magpapayo ng trick o treating, ginagawa ng Lungsod ang bilang ng mga hakbang para ipagdiwang ang Halloween sa taon na ito sa Brampton at hinihikayat ko ang lahat na mag-enjoy sa mga nakakatuwang aktibidad na pinlano namin kabilang ang contest ng Pinaka-maabilidad na Costume, pagpapalamuti ng pumpkin at ang Great Pumpkin Party.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Sa Halloween na ito, tiyakin na una sa isip ang kalusugan at kabutihan ng komunidad at magdiwang nang ligtas sa bahay kasama ang iyong mga mahal sa buhay. Tayo ay may maraming kapana-panabik, ligtas na mga aktibidad, para mag-enjoy kasama ang iyong pamilya at tiyakin na sumali sa ating mga contest para sa pagkakataon na manalo ng ilang magagandang papremyo!”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10, Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Ipagdiwang natin ang Halloween na malayo sa taon na ito, ngunit hindi iyan nangangahulugan na tayo ay hindi gaanong konektado. Magsuot ng nakakatakot na costume, tingnan ang ating online na mga aktibidad, at huwag kalimutang ibahagi ang iyong mga costume sa social media gamit ang #BramptonCraftiestCostume2020 para sa mga batang 10 taong gulang at mas mababa, at #BramptonHalloween2020 kapag i-compost mo sa costume ang iyong pumpkins”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Vice-Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang kalusugan at kaligtasan ay ang ating prayoridad habang nagaganap ang Halloween festivities sa buong Brampton sa taon na ito. Tiyakin na magdiwang na iniisip ang pangkaligtasang mga pamamaraan ng Peel Public Health sa pamamagitan ng pananatili sa bahay para magdiwang. Palamutian ang pumpkin, kunin ang monster mash activity kit, at mag-enjoy sa araw na iyon!”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na

Igtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca